


Project EASE

(Effective Alternative Secondary Education)

ARALING PANLIPUNAN II



MODYUL 4

ANG PAG-UNLAD NG SINAUNANG KABIHASNAN SA ASYA



BUREAU OF SECONDARY EDUCATION

Department of Education

DepEd Complex, Meralco Avenue

Pasig City

MODYUL 4






ANG PAG-UNLAD NG SINAUNANG KABIHASNAN SA ASYA



Ang modyul na ito ay tungkol sa pag-unlad ng sinaunang kabihasan sa Asya. Matututunan mo dito ang mahahalagang pangyayari sa pag-unad ng kabihasan sa iba't ibang bahagi ng Asya. Kasama din dito ang epekto ng mga sinaunang kabihasan sa pagbuo ng iba pang kabihasan tulad ng sa Timog Silangang Asya at higit sa lahat ay malalaman mo ang mga kontribusyon ng mga sinaunang kabihasan sa ating pamumuhay.



May tatlong araling inihanda para sa inyo sa modyul na ito:

-  Aralin 1: Mahahalagang Pangyayari sa Pag-unlad ng Kabihasan
-  Aralin 2: Epekto ng mga Sinaunang Kabihasan sa Pagbuo ng Iba Pang Kabihasan
-  Aralin 3: Mga Kontribusyon ng mga Sinaunang Kabihasan



Pagkatapos mong mapag-aralan ang modyul, inaasahang magagawa mo ang mga sumusunod:

1. Masusuri ang mga mahahalagang pangyayaring naganap sa Asya mula sa pagkakatatag ng sinaunang kabihasan hanggang sa ika-16 na siglo;
2. Masusuri ang epekto (impact) ng sinaunang kabihasan ng India at Tsina sa pagbuo ng kabihasan sa Timog-Silangang Asya; at
3. Maipahayag ang paghanga at pagmamalaki sa mga kontribusyon ng mga sinaunang kabihasnang Asyano sa sangkatauhan.

Handa ka na ba? Subukan mong sagutin ang mga sumusunod na tanong. Huwag kang mangamba sa pagsagot. May mga tulong sa pag-aaral na inihanda para sa iyo.



PANIMULANG PAGSUSULIT:

- I. Panuto: Suriin at unawaing mabuti ang bawat katanungan at pangungusap. Isulat sa papel ang katumbas na titik sa tamang sagot.
 1. Alin sa mga sumusunod ang HINDI kabilang sa bahagdang pangkabuhayan noong sinaunang kabihasan?
 - A. “Nomadic Pastoralism’
 - B. Pagtitipon at paghahanap
 - C. Pag-unlad ng agrikultura
 - D. Pakikipagkalakalan sa mga kanluranin
 2. Ang mga sumusunod na pangungusap ay tumutukoy sa kalagayang panlipunan ng mga kababaihan noong sinaunang kabihasan sa Asya MALIBAN sa isa:
 - A. Pagbebelo ng mga kababaihang mananamplata sa relihiyong Islam
 - B. Pagsunog ng babae sa asawang lalaki kapag kulang ang dote o bigay-kaya.
 - C. Pagsuot ng sapatos na bakal para para sa mga babaeng Tsino upang di makalayo sa tahanan
 - D. Pagyukod sa kausap bilang pagpapakita ng paggalang lalo na sa nakatatanda.
 3. Sa pagtatapos ng Imperyong Romano, ang Tsina ay mayroon nang maunlad na kultura at kabuhayan, dahil dito ang Tsina ay nakilala bilang:
 - A. “Dynastic Cycle”
 - B. Estadong Dharma
 - C. Gitnang Kaharian
 - D. Panginoong ng Daigdig
 4. Alin sa mga sumusunod na pangungusap ang HINDI tumutukoy sa katangian ng institusyong Shogunato na naitatag sa bansang Hapon?

- A. Ang bawat fief ay pinamumunuan ng isang piyudalismong amo na ang tawag ay Daimyo.
 - B. Ang bawat pinunong daimyo ay may mga mandirigmang Samurai.
 - C. Ang pagkilala ng bawat Hapon kay Jimmu Tenno bilang unang emperador ng bansa
 - D. Ang pagkilos ng bawat Samurai ay nakapaloob sa Bushido - ang batayan o alituntunin ng kabutihang asal.
5. Ang bansang Korea ay may malalim at malawak na ugnayan sa ibang bansa tulad ng Tsina at Hapon, subalit may bahagi sa kasaysayan ng Korea na nakilala ito bilang Ermitanyong Kaharian dahil sa:
- A. Nagsara ang Korea sa pakikipag-ugnayan sa mga dayuhan
 - B. Napalaganap ang relihiyong Confucianismo at Buddhismo sa Korea
 - C. Napasailalim ng bansang Hapon ang Korea
 - D. Nilusob at nasakop ng Imperyong Mogul ang Korea
6. Maliban sa Imperyong Sri-Vijaya sa Sumatra, ano pa ang isang imperyo na lumaganap at nakilala sa halos buong Indonesia noong 532 P.K. hanggang 802 P.K.?
- | | |
|-------------------------|------------------------|
| A. Imperyong Khmer | C. Imperyong Maurya |
| B. Imperyong Madjapahit | D. Imperyong Sailendra |
7. Ang pagdating ng mga dayuhang taga-kanluranin sa India ay naganap sa panahon ng Imperyong Mogul at sila ay naging matagumpay na nakialam dahil sa:
- A. Mabilis na pagdami ng populasyon at pangangailangan ng tao sa pang araw-araw
 - B. Magulong pagpili ng opisyal ng rehiyon para sa Imperyo
 - C. Mahinang sistema at patakarang pampulitikal
 - D. Malawak na kalakalan sa ibang imperyo lalo sa Timog-Silangan ng Asya

8. Alin sa mga sumusunod ang HINDI kabilang sa mga pamanang materyal ng kabihasnang Asyano sa sangkatauhan?
- A. Kasanayan sa matematika tulad ng multiplikasyon at dibisyon
 - B. Masjid na may palamuting tulad ng marmol at mosaic
 - C. Mga pinta ng kawayan at pagoda sa telang seda
 - D. Stupa ng mga templong Buddhista na yari sa bato
9. Alin sa mga sumusunod ang itinuturing na mahalagang sangkap sa pagpapalaganap ng kaisipan, karanasan, mithiin, paniniwala, kaugalian at pagpapahalaga?
- A. Agham
 - B. Arkitektura
 - C. Kalikasan
 - D. Wika
10. Ang palarawang sining ng mga Asyano ay kilala sa pagsasalarawan ng mga:
- A. Ispiritwal na daigdig tungo sa kabanalan
 - B. Makamundong bagay tulad ng damit at pagkain
 - C. Matotohanang larawan ng bagay sa paligid
 - D. Pigura tulad ng pisikal na anyo ng tao
- II. Panuto: Basahin at unawaing mabuti ang bawat pangungusap at isulat ang titik:
- A. Kung ang pangungusap ay tumutukoy sa Heograpiya;
 - B. Kung ang pangungusap ay tumutukoy sa Ekonomiya;
 - C. Kung ang pangungusap ay tumutukoy sa Lipunan;
 - D. Kung ang pangungusap ay tumutukoy sa Pulitika at
 - E. Kung ang pangungusap ay tumutukoy sa Relihiyon;
11. Sa loob ng mahabang panahon ang Tsina ang itinuring na isa sa pinakamalaking bansa sa daigdig na may impluwensyang umabot sa Dagat Tsina, Gitnang Asya, Vietnam, Korea at bansang Hapon.

12. Ang pamilyang Asyano ay mabilis na lumalaki dahil sa pagbibigay halaga sa angkan na nagpapakita ng paggalang at pagkakaisa sa bawat kasapi nito.
13. Sa bawat pang-angat ng isang imperyo o dinastiya ay kasabay ang pagsikat ng isang matatag at matapang na pinunong handang magpatupad ng mga pagbabago sa pamamahala.
14. Nakilala ang mga Sumerian sa paggamit ng mga baryang pilak bilang salapi at nagkaroon ng sistema ng pagbabangko, pasahod at presyo ng bilihin.
15. Bago pumasok ang Panahon ni Kristo (P.K.) ay nahati sa tatlong malalayang kaharian ang Tangway ng Korea ang Koguryo sa hilaga, Paekche sa kanluran at Silla sa Silangan.
16. Nagsimula ang paglawak ng impluwensyang mula sa India at Tsina dahil sa malawakang komersyo at kalakalan.
17. Lumawak ang iba't ibang pananampalataya sa kabuuan ng Asya dahil sa mga pagsisikap ng mga misyonero.
18. Kinilala ng mga Indo-Aryano ang kanilang mga sarili bilang nakahihigit ng lahi kaysa Dravidians, ito rin ang naging pasimula sa Sistemang Caste.
19. Lumaganap ang paggamit ng mga kodigo o batas bilang batayan ng mga patakaran at kautusan ng mga pinuno sa bawat lungsod-estado.
20. Lumaganap ang pangaral ni Zoroaster, turo ni Confucius at ang pagdami ng mananampalatayang Muslim na sumusunod sa mga turong nakasaad sa Koran.

ARALIN 1

MAHAHALAGANG PANGYAYARI SA PAG-UNLAD NG KABIHASNAN



Ang araling ito ay tungkol sa mga mahahalagang pangyayari na may kaugnayan sa pag-unlad ng kabihasnang Asyano mula sa sinaunang panahon hanggang ika-16 na siglo. Matutunan din sa araling ito ang katangian ng kabuhayan, lipunan, pamahalaan o pulitika, edukasyon at mga pagpapahalaga ng mga Asyano sa buhay.



Matapos ang araling ito, inaasahan na iyong:

1. Matutukoy ang mga salitang may kaugnayan sa pag-unlad ng kabihasnang sa Asya mula sa sinaunang panahon hanggang ika-16 na siglo;
2. Mapagsusunod-sunod ang mahahalagang pangyayari sa pag-unlad ng kabihasnang sa Tsina at India at ang pagbabagong pangkabuhayan; at
3. Makapagbibigay ng mahalagang kaisipan ukol sa pagkatatag ng sinaunang kabihasnang na may kaugnayan sa Kabuhayan, Lipunan, Pamahalaan o Pulitika, Edukasyon at Mga Pagpapahalagang Asyano.



Gawain 1: Pag-isipan Mo!

Panuto: Bilugan ang mga salita na makikita sa kahon. Maaaring ito ay pababa, pahalang o diagonal. May mga pangungusap sa ibaba na naglalarawan sa bawat salita.

P	A	M	A	H	A	L	A	A	N	G	Q	W	R	T
Y	J	G	K	G	A	S	D	F	K	H	P	O	E	R
F	M	B	R	Z	X	T	Y	U	I	O	P	L	K	H
S	D	G	H	I	J	E	K	G	R	B	H	T	J	K
R	Y	U	I	O	K	D	D	F	H	J	J	L	B	V
W	R	T	Y	U	I	U	O	P	Y	G	A	F	G	J
H	F	T	N	V	N	K	L	G	D	S	F	H	L	K
Q	W	P	Y	U	I	A	I	T	A	G	D	Y	U	J
F	G	A	F	G	T	S	G	K	U	L	T	U	R	A
D	F	M	Y	U	I	Y	P	O	U	R	E	G	F	G
T	Y	I	U	N	C	O	D	B	N	J	A	D	H	H
R	T	L	I	P	U	N	A	N	U	I	Y	R	G	V
D	F	Y	T	H	N	M	T	J	K	L	L	E	S	F
T	Y	A	D	G	H	K	L	I	P	F	N	A	S	D
Q	W	E	R	T	Y	U	I	O	P	D	F	G	H	J

- Tumutukoy sa pagbubungkal, pag-aararo at patubig sa lupa upang magkaroon ng panustos sa pagkain.
- Ito ay maaaring pormal o impormal na nagtuturo ng mga kasanayan, kaugalian at gawi.
- Isang sakramento o seremonya sa pamilyang Asyano na batayan sa pagsisimula o paglaki ng pamilya.
- Pamamaraan ng pamumuhay ng isang pangkat ng mga tao sa isang teritoryo na may sariling pagkakakilanlan.
- Binubuo ng mga organisadong pamilya at pinalawak ng mga angkan, mabilis ang pagbabago batay sa mga kaugaliang sinusunod ng mga ksapi nito.
- Isang institusyong ginagalang at sinusunod ng mga nasasakupan, may mga pinuno at mga batas o alituntunin na pinatutupad.
- Karaniwang binubuo ng magulang at mga anak na pinagbigkis ng pagkakaisa, paggalang at pagkakaunawaan.

Ang mga salita na iyong nakita ay may kaugnayan sa pagkakatatag ng sinaunang kabihasnang Asyano hanggang ika-16 na siglo.

Pag-unlad ng Kultura

Ang katawagang **kultura** ay tumutukoy sa pamamaraan ng pamumuhay ng isang pangkat kung saan ang mga kasapi ay nasa isang teritoryo at may pagkakakilanlan. Kultura rin ang humuhubog kung paano mamumuhay ang tao sa mundo at mabibigyan ito ng kahulugan. Ang pag-unlad ng kultura ay nababatay higit sa lahat sa kakayahan ng tao na makipagtulungan kaysa makipag-away.

Apat na daang libong taon na ang nakakaraan nang ang tinatawag na Homo Sapiens ay natutong magtipon, magtago at mag-imbak ng pagkain. Sa pagtuklas ng apoy, ang tao ay natutong magluto ng pagkain at gamitin para sa pagpapainit ng kanilang katawan. Ang malawakang paghahanap ng pagkain ay nalinang sa pamamagitan ng paghulog sa matatarik na lugar o paglalagay ng bitag para sa mga hayop at pagkain sa mga labi nito.

Ang mga kultura ay maaaring isaayos mula sa payak hanggang sa masalimuot na bagay sa mga materyal na kagamitan – kasangkapan at sandata, kaalaman, teknolohiya at isang istrukturang panlipunan.

Kulturang Pangkabuhayan o Pang-ekonomiya ng Tao

Pagtitipon at Paghahanap. Hanggang 10,000 taon, lahat ng kultura kasama na ang sa Asya, ay namuhay sa pamamagitan ng pagtitipon at paghahanap. Ang bilang ng mga tribo na namumuhay pa kalagayang ito ay hindi nalalaman.

Nomadic Pastoralism. Itinuturing ni E.H. Minns, isang kilalang iskolar, ang nomadism bilang isang mahalagang paraan ng pamumuhay, kumakatawan sa isang mabisang paraan ng paggamit ng ilang kapaligiran na kung saan mahirap ang tubig para sumuporta sa isang permanenteng pambukid na populasyon.

Pag-unlad ng Agrikultura. Mga sampu hanggang 12,000 taon na ang nakakaraan nang ipakilala ang agrikultura. Ito ay naging tanda ng malaking pagbabago sa pag-unlad ng kultura ng tao. Natuto ang tao na magbungkal, mag-araro at magpatubig ng lupa na nagbigay sa kanya ng maaasahang pantustos ng pagkain. Ang mga kalabisang pagkain ay nagbibigay daan para sa pakikipagkalakal at pagtatayo ng

mga pang-imbak na kagamitan. Ang isang sistema ng pagtatala at pagbibilang upang mapangalagaan ang pag-aari ay nalinang.

Ang bahagdang agrikultura ay nahahati sa *payak na pagbubungkal at masalimuot na pagbubungkal*.

Ang mga *Payak na Magbubungkal* ay nasa iba't ibang uri ng kapaligiran. Tatlong libong taon na ang nakararaan, ang mga payak na magbubungkal ay maaaring manirahan sa anumang lugar na kanilang naisin hanggang sila ay itaboy sa di-gaanong matabang mga teritoryo ng mga makapangyarihang asendero. Sila ay karaniwang gumagamit ng pagbubungkal tulad ng kaingin. Ang sistemang ito ay kadalasang nagbubunga ng pagkawala ng katabaan ng lupa matapos na ang mga puno ay masunog at pagtaniman.

Ang *Masalimuot na Pagbubungkal* naman ay nagtataglay ng sumusunod na mga katangian (1) ito ay isinasagawa sa isang pirmihang lugar; (2) walang paglilinis at pagsusunog na sinusunod; (3) ang pagpagpapataba sa mga pananim ay sa pamamagitan ng likas o kemikal na pataba; (4) ang pagbubungkal ay sa pamamagitan ng paggamit ng malawakan at masidhing paggawa; (5) sapat na sistema ng irigasyon ay kailangan; at (6) ang pag-asa sa tubig, lalo na sa ilog ay nagbunga ng pagtatayo ng mga pilapil at dike.

Kaugnay ng pag-unlad ng masalimuot na agrikultura ay ang pag-unlad ng mga yunit na pangkabuhayan at ang pagbuo ng mga “subculture” na kinatawan ng mga paghahati-hati sa lipunan.

Katangian ng Pamilya at Lipunang Asyano

Ang pamilyang Asyano ay isang matatag na institusyong panlipunan. Ang mga kasapi ay pinagbigkis ng pagmamahal at pagkalinga sa bawat isa. Karaniwan sa pamilya ay pinalawak, kabilang ang mga asawa ng anak, apo, ninuno, amain, pinsan at iba pang malalapit na kamag-anak salungat sa pamilyang nukleyar ng mga kanluranin.

Kilala ang mga Asyano sa pagpapahalaga at paggalang sa mga nakatatanda. Ito ay ipinakikita sa pagsunod, pagbibigay galang, paggamit ng po at opo ng mga Tagalog, sa pakikipag-usap at pagyukod ng mga Hapones.

Ang kababaihan ay karaniwan nang naiwan at nangangalaga sa tahanan. Ang mga babaing Tsino ay pinagsusuot ng sapatos na bakal upang hindi malayo ng tahanan. Sa mga Muslim, ang mga babae ay nakasuot ng belo. Pinag-iingatan ang dangal ng pamilya at iniwasan ang anumang bagay na magdudulot ng batik dito.

Sa ngayon, ang Asya ay sumasailalim sa mga mabilis na pagbabagong pampamilya at pagkamag-anakan. Lalo na sa Tsina kung saan ang paggalang sa ninuno at ang mahigpit na pagkakaisang pampamilya ang naging salik ng lipunan.

Mga Kaugalian, Paniniwala at Pagpapahalaga ng Pamilyang Asyano

Ang sakramento ng kasal ang simula ng buhay-pamilyang Asyano. Sa Timog India, ang isang babae ay maaaring maging asawa ng magkapatid na lalaki (*polyandry*) dahil sa kakulangan sa pagkain. Karaniwan naman ang pag-aasawa ng isang lalaki sa maraming babae (*polygamy*) tulad ng harem sa India at mga Muslim. Sa mga Kristiyano at Buddhista, *monogamy* ang sistema ng pag-aasawa.

Sa Tsina, India at Israel, maliit pa ang mga bata ay pinagkakasundo na ng mga magulang at ang diborsyo ay pinapayagan din. Sa mga Muslim, ang hindi pagsipot ng lalaki sa loob ng dalawang taon ay maaring maging batayan ng diborsyo.

Palagiang kabutihan ng pamilya at anumang bagay na makasisira rito ay hindi pinahihintulutan. Inaasahan sa bawat kasapi ng pamilya ang pagkilala at paggalang sa pamahalaan at kumunidad.

Sistemang Pulitikal ng Asya

Sa Asya ay matatagpuan natin ang pinakapayak na (acephalous, walang pinuno) walang pulitikang lipunan hanggang sa pinakamasalimuot na bansang estado.

Tsina. Nang bumagsak ang imperyong Romano, ang pinakamalaking estado ng daigdig at pinakamaunlad na teknolohiya bago pa magsimula ang *Renaissance* ay ang Tsina. Naniniwala ang mga Tsino na ang kanilang bansa ang sentrong daigdig kaya tinawag nila itong *Gitnang Kaharian*. Noong mga 1500 BC, lumitaw ang unang mga pinunong historikal, ang mga pinuno ng dinastiyang Shang.

Hinalinhan ng mga pinunong Chou noong 1000 BC ang Shang. Kapag hindi abala sa pikikidigma ay inaasikaso ng mga pinunong Chou ang gawain ng pamahalaan. Habang umuunlad ang kanilang pamahalaan umuunlad din ang kaalaman ng mga Tsino tungkol sa mabuting lipunan.

Mga Aral ni Confucius. Isa sa mga pilosopong malaki ang impluwensya sa pamumuhay ng mga Tsino ay si Confucius. Siya ay guro at tagahubog ng diwa at pagkatao ng mga tao. Bagaman hindi siya nagtagumpay sa layuning magkaroon ng puwang sa pulitika ay lumaganap naman ang kaisipang unibersal ng *jin* tulad ng pagkamakatao, kagandahang loob at ganap na kabutihan.

Utang ng mga Tsino ang sistemang etiko-pulitikal kung saan itinuturo ang pagiging huwaran ng namumuno upang sundin. Ang tatlong pangunahing katangian ng mabuting pamahalaan ay (1) tiwala ng tao sa namumuno, (2) sapat na pagkain, (3) sapat na armas.

Lumitaw si Shih Huang Ti noong 221 BC. Itinatag niya ang pinakadakilang estadong nakilala sa daigdig. Sakop ng kanyang imperyo ang Karagatang Tsina hanggang Gitnang Asya. Napilitang gumawa ang mga tao ng mga daan at gayun din ng *Dakilang Pader*. Pinalawak pang lalo ng dinastiyang Han ng imperyong kasama ang Gitnang Asya mula timog hanggang Vietnam at silangan hanggang Korea. Sinimulan ng imperyong Han ang huwaran ng pamahalaang imperyal na nakasentro sa emperador.

Sinundan ng panandaliang dinastiyang Sui ang bumagsak na Han. Humalili ang dinastiyang T'ang. Isa ang dakilang emperador nito si Tai Tsung. Nireporma niya ang pamumuno, ibinalik na muli ang pangingibabaw ng serbisyo sibil at pinamunuan ang bansa nang buong husay. Sinundan ang pagbagsak ng dinastiyang T'ang ng pagkakapira-piraso ng imperyo hanggang muling nabuo ito ng dinastiyang Sung. Ibinalik na muli ang kadakilaan ng imperyo. Nahati ang Tsina noong 1126 nang lusubin ng mga Mongol na pinamumunuan ni Temujin. Ginamit niya ang pangalang Genghis

Khan (Panginoon ng Daigdig) at binalak na salakayin ang daigdig sa labas ng Mongolia. Napatunayan na hindi kaya ng mga Manchu, ang huling imperyong lagalag kaya muling nabuo ang imperyong Tsino sa ilalim ng dinastiyang Yuan.

Itinatag ng imperyong Ming ang pakikipag-ugnayan sa mga Portuges at mga misyonerong Italyanong Heswita. Pinakamalaki at pinakamayaman ang imperyong Tsino noon sa ibabaw ng lupa hanggang masakop ito ng mga Manchu noong 1682.

Namuno ang dinastiyang Ming sa matandang tradisyon at itinatag ang burukrasya. Naging daan ang pagbagsak ng Ming sa magkakatulad na pagbagsak ng imperyo. Sinalakay muli ng mga barbaro mula sa Europa ang naguguluhang imperyo. Nagkaroon ng sunud-sunod na digmaan noong ika-19 na siglo tulad ng Digmaang Opium, Rebelyong Boxer at mga kasunduan na hindi maganda para sa Tsina. Napilitan siyang magbigay ng mga pribilehiyong diplomatiko at kalakal, at kontroladong himpilang diplomatiko ng Peking. Nanatili pa ring pinakamalaking bansa ang Tsina sa daigdig sa pagpasok ng ika-20 siglo ngunit nawala na ang kanyang lakas at katanyagan.

India. Natamo ng Magadha ang karurukan sa ilalim ng dinastiyang Maurya. Naging sentro ng imperyo ang Magadha na itinatag ni Chandragupta ang pamumuno sa lahat halos ng mga kaharian sa hilaga at gitnang India. Pinagsama ni Asoka, apo ni Chandragupta, ang mga ito at nabuo ang isang imperyo. Itinatag niya ang isang sentral na burukrasya, isang sistemang sentral na pagbubuwis sa ilalim ng pilosopiyang Estadong Dharma (State Dharma) na binigyang-diin ang tungkuling moral at panlipunan ng mga pinuno parsa sa kapakanan ng kanilang nasasakupan. Tungkulin din niya na bigyan ng proteksyon ang mamamayan at lipunan.

Naging daan ang pagbagsak ng dinastiyang Maurya sa pagkasira ng imperyo sa paghina ng mga kahariang rehiyonal ng huwarang Hindu. Lumikha ang mga Gupta ng isang imperyo noong ikaapat na siglo. Makalipas ang dalawang siglo, napasailalim sa kapangyarihan ni Harsha, isang haring Buddhista, ang halos lahat ng kaharian sa hilaga. Ngunit sa kabuuan, pawang lokal ang mga yunit pulitikal ng Hindu kaya noong ika-11 at ika-14 na siglo, nasakop ang mga ito ng mga Muslim.

Namuno si Harihara, ang nagtatag ng Imperyong Vijayanagar, sa loob ng 200 taon. Nagapi ito ng mga Muslim. Ginawa ni Mohammad ng Ghur, ang unang hakbang sa pagsakop sa India at napailalim sa kanyang pamumuno ang lahat ng hilagang

sentral ng India. Pinamunuan ang Delhi ng mga dinastiyang alipin na tinawag na Mameluks noong ika- 13 siglo. Isa sa pinakamakapangyarihan o pinunong Indo Islamic ay si Mohammad Ibn Tugriluk (1324-1351) na nagtangkang magtatag ng isang imperyo.

Pagtatatag ng Mogul. Itinatag ang kapangyarihang Mogul noong ika-16 na siglo. Nalupig ni Babur ng Kabul noong 1526 ang Sultan ng Delhi. Nagawang maitatag na muli ang pamunuang Mogul ni Humayon bago siya namatay. Pinalawak ni Akbar, pinakadakila sa lahat ng Mogul, ang kanyang kapangyarihan sa buong hilagang India, nagdulot ng kakaibang pagkakaisa sa pamamagitan ng pag-aalis ng kapangyarihang lokal ng mga piling tao at pagbibigay nito sa kanyang mga piling tauhan. Namulaklak ang imperyo sa ilalim ni Jahangir at Shah Jahan. Higit na naging estadong Muslim ang imperyong Mogul sa ilalim ni Aurangzeb na naghihiwalay sa nakararaming Hindu. Naging desentralisado ang imperyong Mogul noong ika-18 siglo, namuno ang mga gobernador na panlalawigan higit sa lahat ang mga Marathas at Rajput. Humalili ang mga mangangalakal na Portuges sa mga pinunong Arabe noong ika-16 na siglo, at noong ika-18 at ika-19 na siglo ay napaalis naman ng mga Dutch, Pranses at British ang mga Portuges.

Edukasyon sa Asya

Habang lumalawak at umuunlad ang lipunan, lalong bumibigat ang bahaging ginagampanan ng pamilya at lalong tumatagal ang proseso ng edukasyon. Higit ang pangangailangan sa paglinang ng pagkakaisa, pagkakaunawaan at pagpapahalaga upang magpatuloy ang maayos na buhay sa lipunan.

Ang edukasyon noong unang panahon ay impormal na ginagampanan ng pamilya; ang gawaing pambahay, ang mga kasanayan sa paghahanapbuhay at ang mga kaugalian at gawi. Ang mga bagay na espiritual ay pinamamahalaan ng mga pari.

Nagsimula ang edukasyong pormal nang maimbento ang pagbasa at pagsulat gayundin ang paglilimbag na nagpasimula ng paggawa ng mga aklat. Ang *Diamong Sutra* ang itinuturing na kauna-unang aklat na nalimbag.



Gawain 2: Pagpapalalim ng Kaalaman

Panuto: Ayusin ang tamang pagkakasunod-sunod ng mahaha-lagang pangyayari sa pamamagitan ng paglalagay ng bilang 1 para sa pinakaunang pangyayari, 2, 3 at 4 para sa pinakahuling pangyayari.

- _____ Namuno si Shih Huang Ti at nasakop niya ang Karagatang Tsina hanggang Gitnang Asya.
- _____ Naitatag ang Dinastiyang Ming at nagkaroon ng ugnayan ang mga Tsino sa mga dayuhang Portuges.
- _____ Nakilala ang mga pinunong historikal sa Tsina mula sa Dinastiyang Shang
- _____ Nahati ang Tsina nang lumusob ang mga Mongol na pinamunuan ni Temujin.

- _____ Naitatag ang Imperyong Gupta sa mga kaharian ng Hilagang India.
- _____ Nasakop ng mga Muslim ang malaking bahagi ng India.
- _____ Naitatag ang kapangyarihang Mogul at nalupig ang Sultan ng Delhi.
- _____ Nanghina ang Imperyong Maurya dahil sa mga suliranin ng mga kaharian.

- _____ Pagtitipon at paghahanap ng pagkain sa paligid.
- _____ Pakikipag-ugnayan ng mga Asyano sa mga Kastila at Portuges.
- _____ Paglaki ng populasyon at lumawak ang magkakaugnay na pamayanan.
- _____ Pag-unlad ng agrikultura mula sa payak hanggang masalimuot na pagbubungkal.



Tandaan Mo!

- Ang kultura ay tumutukoy sa pamamaraan ng pamumuhay ng isang pangkat ng mga tao sa isang tiyak na teritoryo na may pagkakakilanlan. Ito rin ang humuhubog sa pamumuhay ang tao at nagbibigay ng kahulugan sa buhay.
- Ang kulturang pang-ekonomiya ng tao noon ay maaaring ilarawan sa yugto ng *Pagtitipon at Paghahanap, Nomadic Pastoralism at ang Pag-unlad ng Agrikultura*. Ang agrikultura ay nahahati sa *payak na pagbubungkal at masalimuot na pagbubungkal*.
- Ang pamilyang Asyano ay isang matatag na institusyong panlipunan na ang bawat kasapi ay pinagbigkis ng pagmamahal at pagkalinga.
- Sa lipunang Asyano ang mga babaing Tsino ay pinagsusuot ng sapatos na bakal upang hindi makalayo ng tahanan, sa mga Muslim naman ang mga babae ay nakasuot ng belo at sa Timog India ang isang babae ay maaring maging asawa ng magkapatid na lalaki (polyandry) dahil sa kakulangan sa pagkain.
- Si Confucius ay malaking impluwensya sa pamumuhay ng mga Tsino bilang guro at tagahubog ng diwa at pagkatao. Lumaganap ang kaisipan ng jin tulad ng pagkamakatao, kagandahang loob at ganap na kabutihan.
- Lumaganap sa India ang pilosopiyang Estadong Dharma (State Dharma) na nagbibigay-diin sa tungkuling moral at panlipunan ng mga pinuno para sa kapakanan ng kanilang nasasakupan.
- Nagsimula ang edukasyong pormal nang maimbento ang pagbasa at pagsulat gayundin ang paglilimbag at itinuturing na kauna-unang aklat na nalimbag ang *Diamong Sutra*.



Gawain 3: Paglalapat

Panuto: Magbigay ng mahalagang kaisipan ukol sa pagkatatag ng sinaunang kabihasan na may kaugnayan sa Kabuhayan, Lipunan (lalong higit sa ugnayan ng mga lalaki at babae sa lipunan), Pamahalaan o Pulitika, Edukasyon at Mga Pagpapahalagang Asyano.

Kabuhayan: _____

Lipunan: _____

Pamahalaan o Pulitika: _____

Edukasyon: _____

Mga Pagpapahalagang Asyano: _____

ARALIN 2

EPEKTO NG MGA SINAUNANG KABIHASNAN SA PAGBUO NG IBA PANG KABIHASNAN



Ang araling ito ay tungkol sa mga Sinaunang Kabihasan ng India at Tsina at kung paano sila nakaapekto sa pagkakaroon ng iba pang kabihasan sa Timog-Silangang Asya. Matutunan mo din ang iba't ibang larangan ng pamumuhay na may impluwensya mula sa India at Tsina.



Matapos ang araling ito, inaasahan na iyong:

1. Matutukoy ang mga kaisipan at konsepto na may kaugnayan sa mga Sinaunang Kabihasan ng India at Tsina sa pagbuo ng iba pang kabihasan sa Timog-Silangang Asya;
2. Masusuri ang mga epekto ng Kabihasan ng India at Tsina sa ibang bansa na nagkaroon ng kaugnayan sa kanila sa iba't ibang larangan ng pamumuhay; at
3. Makapagbibigay ng lima o higit pang epekto sa kultura ng Pilipinas ang mga Sinaunang Kabihasan ng India at Tsina.



Gawain 1: Pag-isipan Mo!

I. Panuto: Punan ang patlang ayon sa wastong sagot na bubuo sa mga paghahambing. (Unang bahagi 1 - 5)

- | | | |
|----------------------|---|--------------------|
| 1. Sri-Vijaya | : | Sumatra, Indonesia |
| Sailendra | : | _____ |
| 2. Siddharta Gautama | : | Buddhismo |
| Mahavira | : | _____ |
| 3. India | : | Lahing Indo-Aryano |
| Hapon | : | _____ |
| 4. India | : | Taj Mahal |
| Cambodia | : | _____ |
| 5. Kambuja | : | Cambodia |
| Chosun | : | _____ |

II. Panuto: Lagyan ng GUHIT ang salitang HINDI kabilang sa pangkat (Ikalawang bahagi 6 - 10)

6. Agra	Delhi	Gupta	Maurya
7. Buddhismo	Hinduismo	Jainismo	Shintoismo
8. Khmer	Madjapahit	Sailendra	Sri-Vijaya
9. Ashikaga	Asoka	Kamakura	Tokugawa
10. Chinhan	Han-Mahan	Koryu	Pyonhan

Mga Unang Imperyo sa Timog- Silangang Asya

Maliban sa pandarayuhan noong 100 B.K. nagsimulang mapasama ang rehiyon ng Timog-Silangang Asya dahil sa kalakalan at komersiyong umiiral noon. Ito ay bunga rin ng pakikipagkalakalan ng mga Tsino at Indian at ang magandang lokasyon ng Kipot ng Malacca. Sa pamamagitan ng mga kalakalang ito, pumasok ang impluwensiyang Tsino, Indian at Muslim sa kultura ng mga tao. Sa larangan ng relihiyon makikita ang pinakamalaki at pinakamalakas na impluwensya nito.

Maraming imperyo ang bumangon at bumagsak sa iba't ibang panig ng Timog-Silangang Asya.

Nagpasimula ang *Imperyong Sri-Vijaya* sa Sumatra, bahagi ng Indonesia ngayon. Kung papaano ito nagsimula ay hindi batid. Subalit unang nabanggit ang Sri-Vijaya sa talang pangkasaysayan ng mga Tsino noong 670 P.K. Sinasabing noong taong iyon unang nagpadala ng sugo ang Sri-Vijaya sa Tsina.

Maliban sa mga talang pangkasaysayan ng Tsina, ang kaalaman ukol sa Sri-Vijaya ay batay rin sa apat na inskripsiyong bato na inukit noong 686 P.K. sa Sumatra. Napagkunan din ng kaalaman ukol dito ang mga tala ng mga Arabe at Persianong mangangalakal.

Narating ng Sri-Vinjaya ang tugatog ng katanyagan noong 800 P.K. Ang sakop ng imperyo ay umabot hanggang sa ilang bahagi ng Indonesia, tulad ng Kampuchea. Ang tinatamang katanyagan ng Sri-Vijaya ay dahil na rin sa pamamahala nito sa mga daungan ng Kipot Malacca.

Karaniwan sa mga produktong pangangalakal ay mga rekado at mahahalagang metal. Ang Palembang sa Sumatra ang pinakapunong daungan at kabisera ng imperyo. Sa harap ng mga ganitong pangyayari nakilala ang Sri-Vijaya bilang isang imperyong komersiyal.

Katulad ng Sri-Vijaya, ang pasimula rin ng *Imperyong Sailendra* ay hindi rin matiyak. Sinasabing maaaring nagmula ito sa estadong Ho-ling na itinatag ng mga nagmula sa Kalinga, isang lugar sa Silangang India. Sinasabi ring si Haring Sanjaya ang malamang na nagtatag ng Seilendra. Gayunpaman, sinisigurong noong 778 P.K. ang Sailendra ay isa nang papalaking imperyo sa Java, bahagi ngayon ng Indonesia.

Ang paglakas ng Sailendra sa Java at tangway Malay ay kaakibat ng pagkalat ng relihiyon nitong Buddhismo. Higit na lumakas ang Imperyong Sailendra nang ito ay makipag-isa sa Imperyong Sri-Vijaya. Ang Sailendra ang tunay na may hawak ng kapangyarihan nang makisanib ito sa Sri-Vijaya.

Ang pinagsanib na imperyo ng Sailendra at Sri-Vijaya ay tinalo ng Singhasari. Ngunit ang paghahari ng Singhasari ay pansamantala lamang. Noong 1293 P.K., itinatag ni Raden Wijaya ang *Imperyong Madjapahit* sa Java. Sinasabing ito ang sumunod sa yapak ng Sri-Vijaya bilang isang dakilang imperyo sa Timog-Silangang Asya.

Narating ng *Madjapahit* ang katanyagan noong 1353 hanggang 1359 sa ilalim ng pamumuno ni Haring Hayam Wuruk. Napabilang ang Java, Sumatra, Borneo, at tangway Malay sa imperyong ito. Dahil dito, marami ang nagsasabi na ang lawak ng sakop ng Madjapahit ay maihahambing sa Sri-Vijaya. Subalit malaki ang pagkakaiba ng dalawang imperyo. Ang Madjapahit ay hindi imperyong komersiyal na tulad ng Sri-Vijaya.

Ang relihiyong namayani sa Madjapahit ay Hinduismo at Buddhismo. Sa panahon ng Madjapahit nagsimulang dumating at manirahan sa Java ang mga Muslim, sinasabing ang huling hari ng Madjapahit ay yumakap sa relihiyong Islam.

Imperyong India

Tinatayang halos magkasabay ang paglipas ng kabihasan sa Lambak Indus at ang pandarayuhan ng mga Indo-Aryano sa nasabing lambak. Ang mga Indo-Aryano ay buhat sa lahing puti o *Caucasian*. Ang katutubong lahing tinatawag na *Dravidian* ay itinaboy ng mga Indo-Aryano sa may timog na bahagi ng India. Para sa mga Indo-Aryano, sila ang nakahihigit na lahi kaysa Dravidian. Upang mapanatili ito, sinimulan nila ang pag-uuri-uri ng tao o ang *Sistemang Caste*. Ito at iba pang kaalaman sa kanilang kultura ay nabatid sa katipunan ng mga awit na kung tawagin ay *Vedas*.

Ang ikinabubuhay ng mga Indo-Aryano ay pamamastol at pagtatanim, ngunit dahil na rin sa hindi kainamang klima at di-katiyakan ng ulan, madalas ang taggutom. Sa harap ng ganitong paghihirap, naging interesado sila sa buhay matapos ang kamatayan, dito nabuo ang relihiyong *Hinduismo*.

Noong 600 B.K., tinatayang nagsimula naman ang *Buddhismo*. Sinasabing kasabay nito ang pilosopiyang *Confucianismo* sa Tsina. Ang Buddhismo ay itinatag ni *Gautama Buddha* bilang pagtutol sa marahas at mahigpit na patakaran ng Hinduismo batay sa sistemang caste. Ang *Jainismo* naman ay itinatag ni Mahavira ay isa ring relihiyon na tutol sa Hinduismo.

Noong 517 B.K., nilusob ng mga Persiano sa ilalim ni Darius I ang hilagang bahagi ng India. Ginawang lalawigan ng Imperyong Persia ang mga kaharian sa India.

Ang sumunod ay ang pananakop na ginawa ng mga Griyego sa pamumuno ni *Alexander the Great* noong 326 B.K. ay mahalaga sa kasaysayan ng India. Bagamat hindi nagtagal ay nagkaroon sa unang pagkakataon ng pagpapalitan ng kaalaman sa pagitan ng Europa at India.

Sa pagkamatay ni Alexander the Great at paghina ng mga Griyego, nagupo sila ng mga Indian. Kasabay nito ay naghari ang *Imperyong Maurya* na itinatag ni *Chandragupta*. Ang imperyong ito ang may pinakamalawak na sakop na teritoryo bago dumating ang mga Muslim sa India. Si *Asoka* ang pinakatanyag sa imperyong ito. Itinaguyod niya ang Buddhismo sa pamamagitan ng pagpapadala ng mga misyonerong Buddhista sa silangan, dakong Timog-Silangan, at sa iba't ibang panig ng Asya.

Sa pagbagsak ng Imperyong Maurya, nangibabaw ang *Imperyong Gupta*. Itinatag ito ni Chandra Gupta (kapangalan ng nagtatag ng Imperyong Maurya na si Chandragupta). Sa panahon ng Gupta, maraming pamantasan ang naitatag sa India. Maraming nagsipag-aral dito na nagmula sa iba't ibang panig ng Asya. Dahil sa mga naganap sa panahong ito, sinasabing ito ang Ginintuang Panahon sa India.

Bumagsak noong 600 P.K. ang Imperyong Gupta dahil sa mga pandarayuhan ng Hun na nagmula sa Gitnang Asya, sa kanila nagmula ang paladigma at matapang na angkan ng Rajputs na nagtatag ng kaharian ng Rajputana sa India.

Simula 800 P.K. iba't ibang mananakop na Muslim ang lumusob sa India. Ang paglusob ng Muslim sa India ay bunga na rin ng layunin nilang maikalat ang Islam na itinatag ni Mohammad.

Mula 1206 P.K. hanggang 1398 P.K., ang naging kabisera ng mga namumunong sultan ay Delhi. Ito ang panahon ng Imperyong Delhi. Ang pagbagsak ng Imperyong Delhi ay bunga ng paglusob ni Timur na apo ni *Genghiz Khan*, ang dakilang mandirigmang Mongol na sumakop sa India. Sinasabing higit na naging masahol ang paglusob at pananatili nito ng ilang buwan sa India, kaysa sa paglusob at pananatili ng maraming taon ng mga naunang Muslim.

Ang pinakatanyag na puno ng Imperyong Mogul ay si Akbar na apo ni Babur. Sentralisadong pamamahala ang kanyang ginawa sa kabuuang sakop ng imperyo na umabot mula Deccan sa India hanggang Afghanistan sa Timog-Kanlurang Asya. Iiginalang niya ang lahat ng relihiyon.

Isa pa sa tanyag na monarka ay si *Shan Jahan*. Siya ang nagpagawa ng *Taj Mahal* sa Agra na magpasahanggang ngayon ay kinikilala sa kagandahan. Ito ay isang musoleo sa alaala ng kanyang asawa.

Ang humalili kay Shan Jahan ay ang kanyang anak na si *Aurangzeb*. Sa kanyang pamumuno nagsimula ang paghina at pagbagsak ng imperyo. Labis ang pananampalataya niya sa Islam at ipinagbawal niya ang pag-inom ng alak, pagsusugal at ang kaugaliang Hindu na pagsunog sa mga biyuda o *suttee*. Bunga ng ganitong pagtrato sa hindi Muslim, marami ang nagsiaklas na naging sanhi ng paghina ng imperyo.

Ang pagdating ng mga kanluranin sa India ay nagpasimula sa panahon ng Imperyong Mogul. Naging higit na matagumpay ang panghihimasok ng mga Ingles, dahil na rin sa kahinaan ng sistemang pampulitika simula noong ikalawang bahagi ng ika-17 dantaon.

Imperyong Khmer

Maraming nandayuhang Hindu na nagmula sa India ang nanirahan nang palagian sa Cambodia. Naganap ito bago pa pumasok ang panahon ni Kristo. Nagkaroon ng kasalan sa pagitan ng mga Hindu at ng katutubong lahi sa lugar na ito. Mula kasalang ito nagsimula ang lahing Khmer.

Tinatayang noong 532 P.K., itinatag ni *Kambuja*, na kung saan nagmula ang pangalang Cambodia, ang Dinastiyang Khmer. Sinasabing mula sa panahong ito hanggang 802 P.K. ang Khmer ang kinikilalang isa sa dalawang pinakamalakas na imperyo sa Timog-Silangang Asya. Ang lakas nito ay napantayan lamang ng Imperyong Sri-Vijaya sa Sumatra. Ang Imperyong Khmer ay umabot sa halos kabuuan ng Indotsina.

Sa lipunang Khmer, kinilalang diyos ang kanilang hari. Sa pagkamatay ng hari, ipinalalagay na ang kaluluwa niya ay sumasama kay Brahman, Vishnu, o Siva, pawang mga diyos ng Hinduismo. Dahil dito, iniutos ng hari na sa kanyang pagkamatay ay ipatayo siya ng magarang templong-libingan. Ang pinakatanyag sa templong-libingang ito ay ang *Angkor-Wat*.

Noong 1400 P.K. nagsimulang humina at bumagsak ang Imperyong Khmer. Ito ay bunga na rin ng sobrang pakikipaglaban ng imperyo sa mga nakapaligid sa kanya.

Pasimula ng Hapon at Korea

Ang pasimula ng Hapon ay nababalutan ng alamat. Ayon sa mga Hapones, ang kanilang bansa ay nilikha nina *Izanagi at Izanami* na parehong diyos. Mula sa dalawang diyos na ito nagmula si *Amaterasu* ang kanilang diyos ng araw. Mula kay

Amaterasu nagmula naman si *Ninigi* na inatasang pamahalaan ng Hapon. Isa sa mga inapo ni Ninigi ay si *Jimmu Tenno* na naghari sa estado ng Yamato at siyang naging unang emperador ng Hapon.

Dahil sa alamat na nabanggit, naniniwala ang mga Hapones na diyos ang kanilang emperador. Ang paniniwalang ito ay nangibabaw hanggang noong ikalawang Digmaang Pandaigdig.

Ngunit batay sa mga siyentipikong pag-aaral, ang lahing Hapones ay nabuo bunga ng paghahalu-halo ng iba't ibang lahi. Ang katutubong lahi na *Ainu* ay nahaluan ng iba't ibang lahing nandayuhan sa Hapon sa pamamagitan ng pagdaan ng tangway Korea. Ang mga lahing nandayuhan ay mga taga-Mongolia at taga-Manchuria. Matapos ito, marami sa nabuong angkan o lipi ang naglaban-laban sa Hapon.

Si *Jimmu Tenno* ang unang emperador ng Hapon na namuno noong 600 B.K. Sa ilalim ng kanyang pamumuno natigil ang mga labanan sa pagitan ng iba't ibang lipi. Upang mapanatili ang pamumuno ni Jimmu Tenno, ang alamat ukol sa kanyang pagiging diyos ay sinimulan at itinaguyod. Kasabay nito, ang pagsamba sa mga diyos at ispiritu ng mga ninuno ay siyang naging relihiyon sa *Shintoismo*.

Samantala, ang impluwensiyang Tsino ay unang pumasok sa bansang Hapon pamamagitan ng Korea. Ang kaalaman ng Tsina ukol sa pagsulat, kalendaryo, astronomiya at iba pa. Gayundin ang Confucianismo at panitikang Tsino. Maging ang balangkas ng pamahalaan ng Hapon ay naimpluwensiyahan din ng pamahalaang Tsino.

Ang relihiyong Buddhismo ay naipakilala sa Hapon buhat sa Korea noong 502 P.K. Ang relihiyong ito na ipinanganak sa India ay nagkaroon ng maraming mananampalataya sa Tsina. Buhat sa Tsina, umabot ang Buddhismo sa Korea na siya namang nagkalat nito sa Hapon.

Bagamat maraming impluwensiyang Tsino ang nakarating sa Hapon, Ito ay binago nila at iniangkop sa pamumuhay at lipunang Hapones. Ang halimbawa nito ay ang sistema ng pagsulat. Iniba nila ito hanggang sa nabuo ang sistema ng pagsulat Hapones.

Ang unang kabisera ng Hapon ay ang *Nara*. Ang Nara ay kinilalang kabisera mula 710 P.K. hanggang 794 P.K. Sa panahong ito, ang Buddhismo ay itinaguyod ng

iba't ibang emperador. Gayundin umunlad ang panitikang Hapones lalo na sa bahagi ng tula.

Noong 794 P.K., ang kabisera ng Hapon ay inilipat sa *Heian-Kyo*. Ito ang pasimula ng panahong Heian. Ang nagpapatakbo ng pamahalaan ay ang liping Fujiwara. Tinutulan ng isang lumakas na liping militar ang kapangyarihan ng Fujiwara. Sa naganap na kaguluhan, namayani ang liping *Minamoto* sa pamumuno ni *Yorimoto*. Itinatag ni Yorimoto ang *institusyong shogunato* at sistemang piyudalismo ng Hapon.

Ang *Shogunato* na itinatag noong 1192 P.k. ay isang pamahalaang militar. Nasa kamay ng shogun ang lahat ng kapangyarihan. Ang emperador ay panseremonyang pinuno lamang. Kaalinsabay ng institusyong shogunato ang pagtatag ng sistemang piyudal. Sa ilalim ng piyudalismo, hinati-hati ang Hapon sa mga distrito na kung tawagin ay *fief*. Bawat *fief* ay pinamumunuan ng isang piyudalismong amo na kung tawagin ay *daimyo*. Upang mapanatili ang pamumuno ng mga *daimyo*, mayroon silang sariling mandirigma na kung tawagin ay *samurai*. Katungkulan ng bawat *samurai* na ipagkaloob ang kanyang buhay sa pagtatanggol sa kanyang piyudalismong amo. Ang kanyang pagkilos ay nababatay sa *Bushido* o alintutunin ng kabutihang asal. Hinihingi ng *Bushido* ang mga katangiang militar tulad ng kasipagan at kagalingan, katapangan sa pakikipagtungali, sariling pagpipigil at disiplina, at katapatan sa pinuno. Kapag ang isang *samurai* ay nakapagbigay ng kahihyan sa kanyang pinuno o isa pang *samurai*, siya ay nagpapatiwakal na tinatawag na *hara-kiri*.

Sa loob ng napakahabang panahong ito, iba't ibang shogunato ang natatag. Kabilang dito ang *Shogunatong Kamakura, Ashikaga at Tokugawa*. Noong panahon ng Tokugawa, nagsara ng mga daungan ang Hapon sa mga dayuhan.

Ang kasasayan naman ng Korea ay nagpasimula nang itatag ni *Ki Tse* ang kaharian ng *Chosun* sa rehiyon na ngayon ay Hilagang Korea. Si *Ki Tse* ay isang mataas na opisyal sa dinastiyang Shang ng Tsina. Sa pagbagsak ng dinastiyang ito, nilisan niya ang Tsina at kasama ang kanyang mga tagasunod ay nagtatag ng kaharian ng *Chosun* sa Hilagang Korea noong 1122 B.K.

Noong 193 B.K., ang huling emperador ng *Chosun* ay bumagsak. Ang Hilagang Korea ay napailalim sa dinastiyang Han ng Tsina samantalang ang Timog Korea naman ay nahati sa tatlong distrito. Ito ay ang *Han-Mahan* sa kanluran, *Chinhan* sa silangan, at *Pyonhan* sa katimugan.

Bago pumasok ang Panahon ni Kristo (P.K.) ang kabuuang tangway Korea ay nahati sa tatlong malalaya at naglalabanang kaharian. Ito ay ang *Koguryo* sa hilaga, *Paekche* sa kanluran, at *Silla* sa silangan.

Noong 650 P.K. nagsama ang Koguryo at Paekche sa pagtatangkang talunin ang Silla. Subalit humingi ng tulong ang Silla sa Tsina. Sa naganap na labanan, nagupo ng Silla ang Paekche. Samantala, ang Koguryo naman ay napailalim sa Tsina.

Ang impluwensiyang Tsino ay patuloy na pumasok sa Korea dahil na rin sa mga nandayuhang Tsino. Ang panitikang Tsino at Confucianismo ay umabot din maging ang sistema ng pagsulat ng mga Tsino at ang relihiyong Buddhismo. Ang alphabetong Koreano na kung tawagin ay *han'gul* ay nabuo ni Chulchong sa panahong ito.

Noong 935 P.K., nagkaroon ng pag-aalsa sa kaharian ng Silla. Ang namuno ng pag-aalsa ay si Wang Kien. Sa ilalim ng kanyang pamumuno, napag-isa sa unang pagkakataon, ang kabuuan ng tangway Korea. Ang pangalan ng Korea noon na *Chosun* ay binago niya at ginawang *Koryu* na kung saan nagmula ang kasalukuyang ngalan nitong Korea. Tinawag ang pamumuno niya na Ginintuang Panahon ng Buddhismo dahil na rin sa pagtataguyod niya sa relihiyong ito.

Noong 1231 P.K., nilusob at pansamantalang napailalim ang Korea sa Imperyong Mongol sa pinamumunuan ni Kublai Khan. Naging bahagi ang Korea ng pagpapalawak ng Imperyong Mongol. Sa pagbagsak ng Mongol sa Korea, itinatag ni *Yi Taijo* ang dinastiyang Yi. Ibinalik niyang muli ang pangalan ng Korea na Chosun. Ang ugnayang Tsina at Korea ay lumakas bunga na rin ng pagkilala ng Korea bilang sakop ng Tsina.

Noong 1580, nilusob ng Hapon sa pamumuno ni Hideyoshi ang Korea. Humingi ang Korea ng tulong buhat sa Tsina. Sa pagkamatay ni Hideyoshi naisantabi pansamantala ang hangarin nito sa Korea.

Nanatiling sakop ng Tsina ang Korea sa ilalim ng dinastiyang Ching na itinatag ng dayuhang Manchu. Matapos ang kasunduang nagpapatunay ng pagiging sakop nito, nagsara ang Korea sa mga dayuhan at naging isang *Ermitanyong Kaharian*.



Gawain 2: Pagpapalalim ng Kaalaman

Panuto: Lagyan ng tsek (✓) ang tamang kahon na tinutukoy sa bawat pangungusap, kung epekto ng India o Tsina. Isang tsek sa bawat bilang.

MGA EPEKTO	INDIA	TSINA
1. Sa lipunang Khmer ay kinikilalang diyos ang hari at sa kamatayan nito ay naniniwala silang sumasama ito kay Brahman, Vishnu, o Siva.		
2. Sa pamumuhay ng mga Hapon ay ginagamit nila ang mga simbolo o karakter sa pagsulat, gayon din ang kalendaryo at astronomiya sa pamamagitan ng pakikipag-ugnayan sa Korea.		
3. Lumaganap din sa bansang Hapon ang pananampalatayang Confucianismo at Buddhismo na tinagkilik ng maraming Hapon.		
4. Nagkaroon ng kasalan sa pagitan ng mga katutubong taga-Cambodia at mga Hindu na nagpalaganap ng mga kaugalian, relihiyon at masining na disenyo sa mga gusali tulad ng kilalang templong Angkor-Wat.		
5. Si Ki Tse ang nagpasimula ng kaharian ng Chosun, bilang isang mataas na pinuno kasama ng kanyang mga tagasunod ay nilisan nila ang bumagsak na Dinastiyang shang at nakapagtayo ng sariling kaharian sa Hilagang Korea.		



Tandaan Mo!

- Ang mga unang Imperyo sa Timog-Silangang Asya ay ang Imperyong Sri-Vijaya sa Sumatra, Imperyong Sailendra sa Java at tangway Malay at ang Imperyong Madjapahit sa Java, Indonesia.
- Magkasabay ang paglipas ng Kabihasan sa Lambak Indus at ang pagdating ng mga Indo-Aryano (lahing puti o Caucasian) na nagtaboy sa mga katutubong Dravidian.
- Sa India nagmula ang pag-uuri-uri ng tao o ang Sistemang Caste.
- Sa panahon ng Gupta ay maraming pamantasan ang naitatag at itinuturing ito na Ginintuang Panahon sa India.

- Tanyag na monarka ng India si Shan Jahan na nagpagawa ng Taj Mahal sa Agra bilang alaala sa kanyang asawa.
- Ang Dinastiyang Khmer ang isa sa pinakamalakas na imperyo sa Timog-Silangang Asya na umabot sa halos buong Indotsina. Matatagpuan din dito ang pinakatanyag na templong-libingan na Angkor-Wat.
- Ang pasimula ng Hapon ay mula sa alamat nina Izanagi at Izanami. Sumasamba sila sa mga diyos at ispiritu ng mga ninuno nila at nakilala ang relihiyong Shintoismo sa bansa gayon din ang Buddhismo na mula sa Korea.
- Tinatag ni Yorimoto ang institusyong shogunato at sistemang piyudalismo ng Hapon tulad ng Shogunatong Kamakura, Ashikaga at Tokugawa.
- Fief ang tawag sa pagkakahati-hati ng bansang Hapon sa iba't ibang distrito na pinamumunuan ng daimyo na may silang sariling mandirigmang samurai. Ipagkaloob ng samurai ang kanyang buhay para ipagtanggol ang kanyang amo at ang kanyang pagkilos ay nababatay sa Bushido o alintutunin ng kabutihang asal.
- Nakilala ang bansang Korea bilang *Ermitanyong Kaharian* nang ito ay magsara sa mga dayuhan.



Gawain 3: Paglalapat

Panuto: Basahin at pag-isipang mabuti ang mga kasagutan para sa bawat bilang.

Matapos mong mapag-aralan ang mga katangian ng kulturang Asyano, magbigay ka ng limang epekto ng sinaunang kabihasan ng India at Tsina na makikita sa kultura ng Pilipinas.

INDIA	TSINA
1.	1.
2.	2.

3.	3.
4.	4.
5.	5.

ARALIN 3

MGA KONTRIBUSYON NG MGA SINAUNANG KABIHASNAN



Ang araling ito ay tungkol sa mga kontribusyong Asyano sa ating kabihasan, mga pamanang materyal at hindi materyal na naging kapaki-pakinabang para sa sangkatauhan.



Matapos ang araling ito, inaasahan na iyong:

1. Maibibigay ang angkop na salitang may kaugnayan s kontribusyong Asyano sa sangkatauhan;
2. Masusuri ang mga pamanang materyal at hindi materyal bilang mahahalagang kontribusyong Asyano; at
3. Makapagbibigay ng limang kontribusyong Asyano at ang pakinabang nito sa pang-araw-araw na pamumuhay ng tao.



Gawain 1: Pag-isipan Mo!

Panuto: Basahing mabuti ang bawat pangungusap at isulat ang tamang sagot sa bawat patlang.

1. Kung si Li Po ay nakilala sa pagsulat ng panitikan ukol sa pag-ibig at ligaya si Tu Fu naman ay sa paksa ng _____

2. Ang templo ng Borobudur ay kakikitaan ng impluwensiya mula sa India at ito ay matatagpuan sa Java, samantalang ang Angkor Wat ay makikita sa _____
3. Ang panitikan ng Confucian Classic ay tumatalakay sa mga turo na sinusunod sa bansang Tsina at ang Panitikang Vedic ay para sa bansang _____
4. Ang Cuneiform ay sistema ng pagsulat na isa sa pinakamahalagang kontribusyong Sumerian samantalang ang Kodigo ni Hammurabi ay mula sa mga _____
5. Ang silid-aklatan na pinatayo ni Ashurbanipal ay may nakilala sa koleksyon ng mga luad na may sulat, samantalang ang “Hanging Garden” sa tuktok ng palasyo ay ipinatayo naman ni _____

Ang mga Impluwensiya at Ambag ng Mga Bansang Asyano

Bawat bansa sa Asya ay nagkaroon ng impluwensiya sa isa't isa at nakapag-ambag ng karunungan sa sangkatauhan. Lumalaganap ang mga karanasan ng mga tao hanggang sa kasalukuyam sa pamamagitan ng wika, panitikan, sining, agham at teknolohiya.

May mga naiambag na kayamanang pangkultura sa kabihasnang daigdig ang mga bansang Asyano at sa bawat kabihasnang Asyano na sumibol noong unang panahon ay nag-iwan ng mga *pamanang materyal at hindi materyal*.

Wika. Mahalagang sangkap ng isang pangkat ang wika, naipapahayag ng mga tao ang kanilang kaisipan, karanasan, mithiin, paniniwala, kaugalian at pagpapahalaga. Ang mga nabuong kaisipan ng mga tao ay naging bahagi ng kanilang kultura sa pagdaan ng panahon.

Panitikan. Marami nang nagawang panitikan sa Asya, ilan dito ay ang mga sinulat ni Confucius, panitikang Vedic ng India at nobelang Gengi Monogatari ng Hapon.

Makikita sa mga panitikan sa Timog-Silangang Asya ang impluwensiya ng panitikang Indian sa mga kuwentong naging huwaran ang *Ramayana at Mahabharata*. Samantala, ang mga kuwento mula sa panitikang Arabik ay laganap sa mga bansang

dinayo o karatig ng mga bansang Arabe. Maging sa makabagong panahong ito, ang kuwentong *Arabian Nights* ay naisalin na sa mga wikang dayuhan.

Ang Tsina ay nagkaroon ng panitikang maaaring ihambing sa panitikan ng Greko-Romano at iba pang kabihasan. Noong panahon ng Imperyong T'ang, nakilala ang dalawang tanyag na makata, sina *Li Po at Tu Fu*. Si Li Po ay sumulat ng mga tula tungkol sa pag-ibig, pag-iisa, pagdaan ng panahon, at ligaya ng kalikasan. Si Tu Fu naman, isang tagahanga ni Li Po, ay sumulat tungkol sa pakikidigma. Ang isa pang kilalang makatang Tsino ay si *Li Yuan*.

Ang panitikan ng India ay nasusulat sa dalampung pangunahing wika ng India. Ngunit ang klasiko sa kanyang mga panitikan ay nasusulat sa Sanskrit, ang klasikong wika ng India.

Musika. Ang tradisyunal na musika sa mga bansang Asyano ay binuo sa pamamagitan ng sama-samang ideya ng pangkalawakan (cosmic), pilosopiya, at agham. Isang halimbawa ay ang basic scale ng matandang Tsina. Ito ay binuo sa pamamagitan ng ritmo na nagbigay ng isang batayang nota. Ang katumbas nito ay ang kaisipang kalipunan ng kalawakan ng mga Tsino.

Palarawang Sining. Ito ay umiinog sa relihiyon. Ang paglalarawan ay hindi nakatuon sa makatotohanang larawan ng mga bagay o makamundong daigdig, kundi sa ispiritwal na daigdig.

Ang maka-Asyanong sining ay higit na nagbibigay-halaga sa simbolong maaaring kumatawan sa paksang inilalarawan. Ang mga paksa ng palarawang sining ay isang diyos-diyosan, hayop, o bulaklak. Hindi kailanman naging interesado ang mga artistang Asyano sa pigura ng tao. Naniniwala ang isang artistang Asyano na hindi sentro ng sansinukob ang tao. Ang tao raw ay isa lamang panandaliang tahanan ng kaluluwa sa paglalakbay nito patungong kabanalan.

Arkitektura. Ang arkitekturang Tsina ay pinaunlad noon pang matandang panahon. Maraming ginawang mga gusali, ngunit ang pinakamaganda ay ang mga Buddhistang templo at ang mga pagoda.

Ang arkitekturang Indian naman ay makikita sa Myanmar, Indonesia, Cambodia, Nepal, Pakistan, Sri Lanka at Thailand. Ang tanda ng arkitekturang Indian ay ang mga stupa ng mga templong Buddhista. Ang stupa na gawa sa laryo o bato ay mga

bilugang umbok sa may tulis ng tore o payong. Dito inilalagay ang mga sagrado at panrelihiyong relikyas.

Ang mga obra maestro ng arkitektura Indian ay ang templo ng Borobudur sa Java at ang Angkor Wat sa Cambodia.

Ang arkitekturang Islamik ay tinatawag ding arkitekturang Muslim. Ang arkitekturang ito ay makikita sa mga bansa sa Timog-Kanluran at Timog Asya. Ang isang uri ng arkitekturang Islamik ay ang masjid o moske, naglalarawan ng mga istrukturang may minbar o pulpito at mihrab o nitso na may madetalyeng disenyo at nagtuturo sa direksiyon ng Mecca, ang banal na lungsod ng mga Muslim. Ang masjid ay napapalamutan ng marmol, mosaic at gawang kahoy.

Agham at Teknolohiya. Maraming imbensiya ang nagsilbing huwaran upang gamitin sa industriya ng ibang mga bansa. Ang bansang Tsina ang nagbigay sa daigdig ng unang papel, brutsa, tinta, kompas, pulbura, kanyon, at kaalaman sa paglilimbag.

Ang unang papel ay naimbento noong panahon ng dinastiyang Chou. Tinuklas noong ikatlong dantaon ang *magnetic compass* na ginagamit ngayon sa sasakyang pandagat. Ang pulbura ay ginamit sa Tsina noong 200 BC bilang paputok tuwing pista at pamuksa sa mga kaaway sa digmaan.

Ang mga salitang *algebra at chemistry* ay mga ebidensiya ng mga impluwensiyang Islam sa larangan ng agham at isinanib ang kaalamang algebra sa *geometry* ng Griyego upang mabuo ang agham ng *trigonometry*. Sa pagtuklas ng mga Muslim ng Agham ng chemistry natuklas ang paggawa ng *alcohol at sulfuric acid*.

Mga Kontribusyong Asyano sa Sangkatauhan

Sumerian. Bukod sa paggamit ng gulong, maraming kontribusyon ang mga Sumerian sa kabihasan. Nalinang nila ang isang sistema ng pagtimbang at pagsukat gayundin ang *fraction at decimal*. Gumamit sila ng baryang pilak bilang salapi. Nagtatag sila ng sistema ng pagbabangko at batas na nagtatakda ng sahol at presyo.

Ang sistema ng pagsulat na *cuneiform* ay imbensiya ng mga Sumerian. Isinasagawa ang sulat cuneiform sa malambot na luad sa pamamagitan ng

instrumentong stylus. Niluluto ang luad sa horno upang tumigas at isinisilid sa isang sobreng yari rin sa luad.

Nalinang ng mga Sumerian ang unang nasusulat na kodigo ng batas. Dahil dito nagsabatas ang mga paring pinuno ng lungsod estado at namuno sa mga hukuman. Hindi naglaon at ang mga batas ay tinipon at itinala bilang kodigo.

Itinakda ng kodigo ng batas ang kapangyarihan ng mga paring-pinuno, halaga ng buwis at bayad sa serbisyong panrelihiyon, proteksyon ng mga batas ang mahihirap, at pagbibigay ng sapat na pasahod sa mga serbisyo at makatuwirang halaga sa mga produkto ng mahihirap at ang mga biyuda at ulila ay hindi pinagbabayad ng buwis.

Tatak ng kapangyarihan ng haring-pinuno ang *ziggurat* o tore ng templo ng Sumeria na binubuo ito ng ilang palapag. Nasa pinakamataas na palapagay ang altar ng kanilang diyos. Naniniwala ang mga Sumerian na pababa-pataas ang diyos sa pagitan ng kanyang dalawang tahanan - ang langit at ang lupa. Ang bawat palapag ay may iba't ibang pintura. Ang kulay itim ay simbolo ng kasamaan at ang bughaw ay kalangitan.

Upang mapadali ang kanilang kalkulasyon, nag-imbento sila ng sistema ng mga bilang batay sa yunit na 60. Ginagamit ito ngayon sa pagbabahagi sa araw at minuto at paghati-hati sa isang bilog sa mga digri. Nalinang din ng mga Sumerian ang mga kasanayang pangmatematika tulad ng multiplikasyon, dibisyon at paggamit ng *square root*.

Assyrian. Isa sa mga naging tanyag na hari ng mga Assyrian si *Ashurbanipal* dahil sa itinayo niyang silid aklatan. Inutusan niya ang mga eksribyente na mangulekta ng mga luad na may sulat at inilagay sa silid-aklatan.

Pinanatili ng mga Assyrian ang kanihasnan ng Babylon. Hindi sila malikhain subalit mahusay sila sa pag-ukit sa bato na naglalarawan ng mga senaryo ng mga tagumpay sa labanan.

Babylonian. Pinag-aralan ng mga Babylonian ang galaw ng mga planeta. Hinati nila ang isang linggo sa pitong araw para sa limang kilalang planeta at ang dalawa ay sa araw at buwan, naimbento ng mga pari ang *water clock* at *sundial* at nahuhulaan ang pagkakaroon ng eklipse ng araw at buwan. Sa kabilang dako, naniniwala rin sila sa mga *soothsayer* o manghuhula sa pamamagitan ng pag-susuri sa mga lamang loob ng bagong patay na hayop.

Ang *Kodigo ni Hammurabi* ay ipinalalagay na pangunahing kontribusyon ng Babylonia sa kabihasanan. Inipon ni Hammurabi ang lahat ng batas ng mga Sumerian at ipinaukit sa isang itim na bato na may taas na walong talampakan. Ang pinakatampok na probisyon ng kodigo ay may kinalaman sa batas-kriminal. Alinsunod dito na sinumang taong manakit sa kapwa ay dapat lamang na masaktan din. Itinakda ng kodigo ang uring panlipunan na dapat kaaniban ng bawat tao. Ang Kababaihan ay may ilang karapatan din tulad ng pagkontrol ng kayamanan at pakikilahok sa negosyo. May proteksyon ang mga babaeng may asawa batay sa halaga ng kanilang bigay kaya.

Saklaw rin ng Kodigo ang ilang praktis sa lipunan. Ang bawat lalaki ay inaatasang maglingkod sa hukbo at magtrabaho sa mga gawaing pampubliko. Ang mga magsasaka na biktima ng baha ay pinapayagang magbayad ng utang sa susunod na tag-ani.

Chaldean. Nakilala din ang isa sa mga ipinagmamalaki ng mga Chaldean, ang *Tore ni Babel* na isang ziggurat. Ang tinatawag na *Hanging Garden* ay nilikha ni *Nebuchadnezzar* para sa kanyang asawa na nalulungkot Nagpatanim siya ng mga halaan sa matataas na terasa at sa tuktok ng palasyo.

Hittite. Kontribusyon sa pandaigdig na kabihasanan ng mga Hittite ang paggamit ng bakal. Mahusay mangabayo ang mga Hittite. Nakilala sila bilang mga unang taong gumamit ng mga chariot na pandigma na hinihila ng kabayo.

Phoenician. Isa sa mga tanyag na produkto ng mga Phoenician ay ang pangkulay *lila* na yari sa isang uri ng kabibe. Mahal ang presyo nito kaya ang mga hari lamang ang may kayang bumili, kaya tinawag ang lila na pangharing kulay.

Nahirapan ang mga Phoenician sa pagsulat ng cuneiform, kaya hiniram nila ang sistemang *hieroglyphics* ng Ehipto. Sa sistemang ito, ang bawat simbolo ay may katumbas na titik. Ang nabuong alphabeto ng mga Phoenician ay may 22 titik.

Lumaganap ang alphabeto sa Mediterranean dahil sa mga mangangalakal na Phoenician. Pinagyaman ito ng mga Griyego at nagdagdag sila ng mga titik na patinig. Sa katunayan, ang salitang alphabet ay hango sa salitang Griyego na alpha at beta na kumakatawan sa unang dalawang titik. Sa pagbagsak ng mga Phoenician dahil sa pagsalakay ng mga Assyrian ay sumikat naman ang mga Griyego sa kalakalan.

Sa lawak ng imperyo ng Persia, humirang si Haring Darius ng mga taong titingin sa bawat lalawigan. Sila ang itinuturing na tenga at mata ng hari at naglatag sistemang postal upang mapabilis ang komunikasyon.

Noong 600 B.C, lumaganap ang mga pangaral ni Zoroaster. Ayon sa kanya, ang daigdig ay lugar ng labanan sa puwersa ng mabuti at masama at ang tao ay dapat na sumanib alinman sa dalawa. Nakilala ito bilang relihiyong *Zoroastrianismo*.

Nang lumaon bumagsak ang imperyo dahil sa mahihinang hari. Nagrebelde ang malalayong probinsya. Sinakop ni *Alexander the Great* ang imperyo noong 331 BC at nang mamatay siya, tuluyan nang nagwatak-watak ang mga Persiano.

Tsina. Isa sa mga kontribusyon ng Tsina sa kabihasan ay ang kanyang wika na ginagamit ng mahigit sa isang kapat na bahagi ng mundo, ang wikang ito ay walang alpabeto, walang bahagi ng pananalita, at walang pagbabaybay. Maraming salitang makikita sa salita ng mga taga-Timog-Silangang Asya. Ang wikang ito ay binubuo ng mga salitang may isang pantig. Marami sa kanilang salita ang magkakatatunog. Dahil sa wala silang alpabeto, gumagamit sila ng iba't ibang karakter para sa bawat salita.

Naimpluwensiyahan ng wikang Tsino ang wikang Hapones, Koreano, at maging ang mga wika ng Indotsina, Myanmar, Malaysia, Thailand, at Singapore. Sinasabing nagmula sa wikang Tsino ang mga wikang Hapones at Koreano. Kahit ang wikang Pilipino ay katatagpuan ng mga salitang Tsino.

Sa larangan ng panitikan ay napapaloob sa mga diwa at kaisipang panrelihiyon. Kabilang dito ang mga aklat ni Confucius na tinatawag na *Confucian Classic*. Ito ay binubuo ng limang klasiko at apat na aklat. Ang limang klasiko ay ang aklat ng pagbabago; aklat ng pagkakabanal at pangitain; aklat ng kasaysayan; spring and autumn annals at aklat ng seremonya. Ang apat na aklat naman ay kinabibilangan ng *Analects, Great Learning, Doctrine of Mean, at ang Book of Mencius*.

Samantalang isa sa pinakamatandang sining sa mundo ay itinatanghal ang mga pintura ng kalikasan tulad ng mga *landscape painting*. Nakikita din ang kagalingan ng mga Tsino sa pagpipinta sa telang seda na ang karaniwang paksa ay mga kawayan at magagandang pagoda.

Sinasabing pinaghahalo ng mga Tsinong pintor ang sining at tula tulad ni Wang Mei, isang kilalang manunula at pintor na nagwikang, “*Sa bawat tula ay isang larawan, sa bawat larawan ay isang tula.*”

India. Ang wikang *Sanskrit* ay nakaimpluwensiya rin sa mga wika ng karatig bansa tulad ng Pilipinas, Indonesia, Sri Lanka at Pakistan.

Ang dalawang pangunahing epiko ng India ay ang *Mahabharata* at *Ramayana*. Tumutukoy ang una sa makasaysayang digmaang pantribo ng India. Ang ikalawa naman ay nagsasalaysay ng buhay ni Rama, ang bidang lalaki sa epiko.

Samantala ang *panitikang Vedic* ay pasalita (oral). Binubuo ito ng apat na likha: (1) Vedas; (2) Brahmanas; (3) Aranyakas; at (4) Upanishas. Ang Brahmanas ay mga aklat na naglalaman ng mga pagmamasid ng iba’t ibang relihiyon at ritwal. Ang Aranyakas ay aklat ng gubat na isinulat upang gamitin ng mga matatandang tao na naniniwala sa gubat. Ang Upanishads ay mga aklat na naglalaman ng pamamaraan ng pagtuturo ng mga guro. Ang panitikang Vedic ay nagpapakita ng buhay; relihiyon, ugali, at kultura ng matandang India.

Sa larangan ng pagpipinta at paglililok, kapansin-pansin ang mga katangiang pumapaloob sa tatluhang larawan ng *Cave of Elephants* at *Dancing Seva*. May simbolismo sa sining ng India ay karamihan sa diwang gawa ay nagtataglay ng maraming ulo at kamay. Ang maramihang kamay at ulo ay sumasagisag sa dami ng kapangyarihan ng imahen.

Ilan lamang ito sa maraming kontribusyong Asyano marahil marami ka pang maidadagdag sa mga nabanggit na.



Gawain 2: Pagpapalalim ng Kaalaman

Panuto: Lagyan ng tsek (✓) ang kolum na PM kung ang pangungusap ay tumutukoy sa Pamanang Materyal at PD naman para sa Pamanang Di-materyal noong sinaunang kabihasanan.

Pamana o Kontribusyong Asyano sa Daigdig	PM	PD
Pagdami ng matandang sining ng Tsina ukol sa mga pinta ng kalikasan o “land scape” sa mga telang seda.		

Paglaganap ng wikang Tsino na ginagamit ng isang kapat na populasyon sa daigdig at ang sanskrit bilang klasikong wika sa India.		
Pagsunod sa mga turong panrelihiyon tulad ng Confucianismo, Buddhismo at Islam.		
Pagkakaroon ng mga Buddhistang Templo, pagoda at masjid ng mga Muslim.		
Pagkatuklas ng “magnetic compass” para sa paglalakbay sa dagat.		
Pagsunod sa pitong araw sa loob ng isang linggo at paghula sa mga eklipse ng araw at buwan.		
Pagkilala sa mga Hittite na unang gumamit ng chariot na hinihila ng kabayo.		



Tandaan Mo!

- May mga pamanang materyal at hindi materyal sa kultura ang kabihasnang Asyano tulad ng Confucius, panitikang Vedic ng India at nobelang Gengi Monogatari ng Hapon.
- Ang klasikong panitikang Indian ay ang Ramayana at Mahabharata na nasusulat sa Sanskrit. Ang kuwentong Arabian Nights naman ay naisalin sa iba't ibang wika, samantalang ang Tsina ay may Confucian Classic Analects, Great Learning, Doctrine of Mean, at ang Book of Mencius.
- Ang arkitekturang Tsina ay kilala sa magagandang Buddhistang templo, Dakilang Pader at pagoda samantalang ang arkitekturang Indian naman ay kilala sa stupa na bilugang umbok sa may tulis ng tore o payong. Ang mga obra maestro na tulad nito ay ang templo ng Borobudur sa Java at ang Angkor Wat sa Cambodia. Ang arkitekturang Islamik naman ay ang masjid o moske, may madetalyeng disenyo at nagtuturo sa direksiyon ng Mecca. Ang masjid ay napapalamutian ng marmol, mosaic at gawang kahoy.
- Maraming imbensiyong Asyano tulad unang papel, brutsa, tinta, kompas, pulbura, kanyon, at kaalaman sa paglilimbag.
- Ang mga salitang algebra at chemistry ay mga ebidensiya ng mga impluwensiyang Islam sa larangan ng agham at natuklasan din ang paggawa ng alcohol at sulfuric acid.

- Lumaganap din mula sa Asya ang paggamit ng gulong, sistema ng pagtimbang at pagsukat tulad ng fraction at decimal, baryang pilak, sistema ng pagbabangko, pagsulat na cuneiform at ang ziggurat na templo ng mga Sumerian.
- Pinag-aralan ng mga Babylonian ang galaw ng mga planeta, hinati ang isang linggo sa pitong araw, naimbento ang water clock at sundial at nahuhulaan ang eklipse ng araw at buwan. Pangunahing kontribusyon ng Babylonia sa kabihasanan ang Kodigo ni Hammurabi.
- Ipinagmamalaki ng mga Chaldean ang Tore ni Babel at ang Hanging Garden na nilikha ni Nebuchadnezzar para sa kanyang asawa.
- Kontribusyon sa daigdig ng mga Hittite ang paggamit ng bakal samantalang nabuo naman ng mga Phoenician ang alphabeto na may 22 titik.
- Lumaganap ang mga pangunahing relihiyon tulad ng Hinduismo, Jainismo at Buddhismo mula sa India at Confucianismo mula sa Tsina, Shintoismo mula sa Hapon at Zoroastrianismo mula sa Persia.



Gawain 3: Paglalapat

Panuto: Mula sa iyong mga nabasa at natutunan ay magbigay ng limang tiyak na kontribusyong Asyano sa sangkatauhan at pakinabang nito sa pang-araw-araw nating pamumuhay ng tao.

Kontribusyon	Pakinabang sa pmumuhay ng tao
1.	
2.	
3.	
4.	
5.	



MGA DAPAT TANDAAN SA MODYUL NA ITO

Ngayong natapos mo na ang mga aralin sa modyul na ito, ano ang mahahalagang kaalaman na dapat mong tandaan?

- ◆ Ang kultura ay tumutukoy sa pamamaraan ng pamumuhay ng isang pangkat ng mga tao sa isang tiyak na teritoryo na may pagkakakilanlan.
- ◆ Ang pamilyang Asyano ay isang matatag na institusyong panlipunan na ang bawat kasapi ay pinagbigkis ng pagmamahal at pagkalinga lalo na sa matatanda.
- ◆ Si Confucius ay malaking impluwensya sa pamumuhay ng mga Tsino bilang guro at tagahubog ng diwa at pagkatao.
- ◆ Nagsimula ang edukasyong pormal nang maimbento ang pagbasa at pagsulat gayundin ang paglilimbag at itinuturing na kauna-unang aklat na nalimbag ang *Diamong Sutra*.
- ◆ Ang mga unang Imperyo sa Timog-Silangang Asya ay ang Imperyong Sri-Vijaya sa Sumatra, Imperyong Sailendra sa Java at tangway Malay at ang Imperyong Madjapahit sa Java, Indonesia.
- ◆ Ang Dinastiyang Khmer ang isa sa pinakamalakas na imperyo sa Timog-Silangang Asya at matatagpuan dito ang pinakatanyag na templong-libingan na Angkor-Wat.
- ◆ Sa India nagmula ang pag-uuri-uri ng tao o ang Sistemang Caste.
- ◆ Tanyag na monarka ng India si Shan Jahan na nagpagawa ng Taj Mahal sa Agra bilang alaala sa kanyang asawa.
- ◆ Tinatag ni Yorimoto ang institusyong shogunato at sistemang piyudalismo ng Hapon tulad ng Shogunatong Kamakura, Ashikaga at Tokugawa.
- ◆ Fief ang tawag sa pagkakahati-hati ng bansang Hapon na pinamumunuan ng daimyo na may sariling mandirigmang samurai. Ang pagkilos ng isang samurai nababatay sa Bushido o alintutunin ng kabutihang asal.
- ◆ Nakilala ang bansang Korea bilang *Ermitanyong Kaharian* nang ito ay magsara sa mga dayuhan.

- ◆ May pamanang materyal at hindi materyal sa kultura ang kabihasnang Asyano tulad ng Ramayana at Mahabharata na nasusulat sa Sanskrit, kuwentong Arabian Nights at ang Confucian Classic Analects, Great Learning, Doctrine of Mean, at ang Book of Mencius.
- ◆ Kilala rin ang Asya sa mga arkitektura tulad ng magagandang Buddhistang templo, Dakilang Pader ng Tsina, templo ng Borobudur sa Java, Angkor Wat sa Cambodia, masjid o moske nagtuturo sa direksiyon ng Mecca, Taj Mahal sa Agra, ziggurat na templo ng mga Sumerian, Tore ni Babel ng mga Chaldean at ang Hanging Garden na nilikha ni Nebuchadnezzar.
- ◆ Maraming imbensiyong Asyano tulad ng unang papel, brutsa, tinta, kompas, pulbura, kanyon, kaalaman sa paglilimbag, water clock at sundial.
- ◆ Nakilala ang algebra, chemistry, paggawa ng alcohol at sulfuric acid sa larangan ng agham. Lumaganap din ang paggamit ng gulong, pagtimbang at pagsukat tulad ng fraction at decimal, pagbilang batay sa 60 tulad ng minuto, pagsukat ng bilog batay sa digri, paggamit ng bakal, baryang pilak, pagbabangko, sulat na cuneiform ng mga Sumerian at ang alphabeto ng mga Phoenician na may 22 titik.
- ◆ Pinag-aralan ng mga Babylonian ang galaw ng mga planeta, hinati ang isang linggo sa pitong araw, at nahuhulaan ang eklipse ng araw at buwan at ang pagkakaroon ng Kodigo ni Hammurabi.
- ◆ Lumaganap ang mga pangunahing relihiyon tulad ng Hinduismo, Jainismo at Buddhismo mula sa India at Confucianismo mula sa Tsina, Shintoismo mula sa Hapon at Zoroastrianismo mula sa Persia.



PANGWAKAS NA PAGSUSULIT:

I. Panuto: Suriin at unawaing mabuti ang bawat katanungan at pangungusap. Isulat sa papel ang katumbas na titik sa tamang sagot.

1. Ang mga sumusunod na bahagdan ay kabilang sa pag-unald ng kabuhatan noong sinaunang kabihasan **MALIBAN** sa isa:
 - A. Ang “Nomadic Pastoralism’
 - B. Pagtitipon at paghahanap ng pagkain mula sa kalikasan
 - C. Pag-unlad ng agrikultura na may payak na pamamaraan
 - D. Pakikipagkalakalan ng mga Asyano taga kanluraning bansa
2. Alin sa mga sumusunod na pangungusap ang **HINDI** tumutukoy sa kalagayang panlipunan ng mga kababaihan noong sinaunang kabihasan sa Asya?
 - A. Ang mga kababaihang Muslim ay kailangang magbelo
 - B. Ang pagyukod sa kausap ay simbolo ng paggalang lalo sa mga nakatatanda.
 - C. Karapatang sunugin ng babae ang asawang lalaki kung kulang ang dote o bigay-kayang kaloob.
 - D. Pinagsusuot ng sapatos na bakal ang mga babaeng Tsino para di makalayo sa tahanan.
3. Ang Tsina ay matatag, maunlad at may maayos na kabuhatan nang matapos ang Imperyong Romano sa kanluran kaya naman tinawag at nakilala ito bilang:
 - A. “Dynastic Cycle”
 - B. Estadong Dharma
 - C. Gitnang Kaharian
 - D. Panginoong ng Daigdig
4. Ang mga sumusunod na pangungusap ay tumutukoy sa katangian ng institusyong Shogunato na naitatag sa bansang Hapon **MALIBAN** sa:

- A. Ang Bushido ay batayan o alituntunin ng kabutihang asal at pagkilos ng bawat Samurai.
 - B. Ang Daimyo ang piyudalismong amo na namumuno sa bawat fief.
 - C. May mga mandirigmang Samurai na tagapagtaggol ng mga daimyo.
 - D. Si Jimmu Tenno ay kinilala bilang unang emperador ng bansa
5. Sa kabila ng malalim at malawak na ugnayan ng Korea sa Tsina at Hapon noon, ito ay nakilala din bilang isang Ermitanyong Kaharian dahil:
- A. Pinasailalim ng bansang Hapon ang Korea
 - B. Pinasara ng Korea ang bansa sa pakikipag-ugnayan nito sa mga dayuhan
 - C. Pinasok at natalo ng Imperyong Mogul ang sa digmaan Korea
 - D. Pinigilan ng mga Koreano ang pagpasok ng Confucianismo at Buddhismo sa bansa
6. Anong imperyo ang nakilala at lumaganap sa halos buong Indonesia noong 532 P.K. hanggang 802 P.K. na halos kasing dakila ng Imperyong Sri-Vijaya sa Sumatra?
- | | |
|---------------|--------------|
| A. Khmer | C. Maurya |
| B. Madjapahit | D. Sailendra |
7. Ang mga dayuhang taga-kanluranin ay naging matagumpay na nakialam sa India noong panahon ng Imperyong Mogul dahil:
- A. Abala ang mga tao sa kalakalan sa ibang teritoryo tulad sa Timog Silangan ng Asya
 - B. Ang sistema at patakarang pampulitikal ay mahina at magulo
 - C. Lubhang malaki ang populasyon at pangangailangan ng tao sa pamumuhay
 - D. May sigalot sa mga pinuno ukol sa opisyal ng rehiyon para sa Imperyo
8. Ang mga sumusunod na pangungusap ay ukol sa mga pamanang materyal ng kabihasnang Asyano sa sangkatauhan MALIBAN sa:

- A. Magagandang Masjid na napapalamutian ng mga marmol at mosaic
 - B. Mga stupa ng templong Buddhista na yari sa bato para sa mga diyos at diyosa
 - C. Kaalaman sa matematika tulad ng multiplikasyon, dibisyon at “square root”
 - D. Palarawang sining sa telang seda tulad ng kawayan at pagoda
9. Ito ang itinuturing na pinakamahalagang sangkap sa pagpapalaganap ng kaisipan, karanasan, mithiin, paniniwala, kaugalian at pagpapahalaga sa sibilisasyon.
- A. Agham
 - B. Arkitektura
 - C. Kalikasan
 - D. Wika
10. Nakilala ang mga Asyano sa kanilang mga sining na nagsasalarawan ng pangunahing paksa tulad ng:
- A. Ispiritwalidad tungo sa kabanalan ng mga nilikha sa daigdig
 - B. Matotohanang larawan ng bagay sa paligid na ating nakikita
 - C. Mga damit, pagkain at mga makamundong bagay
 - D. Pisikal na anyo tulad ng pigura at katawan ng tao
- II. Panuto: Basahin at unawaing mabuti ang bawat pangungusap at isulat ang titik:
- A. Kung ang pangungusap ay tumutukoy sa Heograpiya;
 - B. Kung ang pangungusap ay tumutukoy sa Ekonomiya;
 - C. Kung ang pangungusap ay tumutukoy sa Lipunan;
 - D. Kung ang pangungusap ay tumutukoy sa Pulitika at
 - E. Kung ang pangungusap ay tumutukoy sa Relihiyon;
11. Noong sinaunang panahon ang Tsina ay itinuring na isa sa pinakamalaking bansa sa daigdig na may impluwensyang umabot sa Dagat Tsina, Gitnang Asya, Vietnam, Korea at bansang Hapon.

12. Ang paggamit ng baryang pilak bilang salapi at ang pagkakaroon ng sistemang pagbabangko, pasahod at presyo ng biling ay pinasimulan ng mga Sumerian noong sinunang kabihasan.
13. Ang isang matatag at matapang na pinunong handang magpatupad ng mga pagbabago sa pamamahala ay kinikilala sa bawat pagsikat at pang-angat ng isang imperyo o dinastiya.
14. Ang pagbibigay halaga ng pamilyang Asyano sa paggalang at pagkakaisa ay naging dahilan sa matibay at malawak na ugnayan ng mga angkan.
15. Ang Tangway ng Korea ay nahati sa tatlong malalayang kaharian, ang Koguryo sa hilaga, Paekche sa kanluran at Silla sa Silangan bago pa man pumasok ang Panahon ni Kristo (P.K.).
16. Ang mga turo ni Confucius, pangaral ni Zoroaster at ang pagdami ng mananampalatayang Muslim na sumusunod sa mga turo ng Islam ay lumaganp sa iba't ibang panig ng daigdig.
17. Nagsimula ang Sistemang Caste sa India ng kilalanin ng mga Indo-Aryano ang kanilang mga sarili bilang nakahihigit ng lahi kaysa Dravidians noong sinaunang kabihasan.
18. Ang paggamit ng mga kodigo o batas bilang batayan ng mga patakaran at kautusan ng mga pinuno ay lumaganap sa mga bawat lungsod-estado na naging gabay sa ating kasalukuyang mga batas.
19. Ang malawakang komersyo at kalakalan mula sa India at Tsina ang naging dahilan at simula ng paglawak ng kanilang impluwensya sa ibang bansa.
20. Ang pagsisikap ng mga misyonero ang naging dahilan sa paglawak ng iba't ibang pananampalataya sa kabuuan ng Asya.



GABAY SA PAGWAWASTO:

PANIMULANG PAGESUSULIT

- | | | | |
|------|-------|-------|-------|
| 1. D | 6. A | 11. A | 16. B |
| 2. B | 7. C | 12. C | 17. E |
| 3. C | 8. A | 13. D | 18. C |
| 4. C | 9. D | 14. B | 19. D |
| 5. A | 10. A | 15. A | 20. E |

ARALIN 1 MAHAHALAGANG PANGYAYARI SA PAG-UNLAD NG KABIHASNAN

GAWAIN 1: Pag-isipan Mo!

Panuto: Bilugan ang mga salita na makikita sa kahon. Maaaring ito ay pababa, pahalang o diagonal. May mga pangungusap sa ibaba na naglalarawan sa bawat salita.

P	A	M	A	H	A	L	A	A	N					
		G												
			R											
				I		E								
					K	D						L		
						U					A			
						K	L			S				
		P				A		T	A					
		A				S		K	U	L	T	U	R	A
		M				Y				R				
		I				O					A			
		L	I	P	U	N	A	N						
		Y												
		A												

- Tumutukoy sa pagbubungkal, pag-aararo at patubig sa lupa upang magkaroon ng panustos sa pagkain.
- Ito ay maaaring pormal o impormal na nagtuturo ng mga kasanayan, kaugalian at gawi.
- Isang sakramento o seremonya sa pamilyang Asyano na batayan sa pagsisimula o paglaki ng pamilya.
- Pamamaraan ng pamumuhay ng isang pangkat ng mga tao sa isang teritoryo na may sariling pagkakakilanlan.
- Binubuo ng mga organisadong pamilya at pinalawak ng mga angkan, mabilis ang pagbabago batay sa mga kaugaliang sinusunod ng mga ksapi nito.
- Isang institusyong ginagalang at sinusunod ng mga nasasakupan, may mga pinuno at mga batas o alituntunin na pinatutupad.
- Karaniwang binubuo ng magulang at mga anak na pinagbigkis ng pagkakaisa, paggalang at pagkakaunawaan.

GAWAIN 2: Pagpapalalim ng Kaalaman

1. 2	1. 2	1. 1
2. 4	2. 3	2. 4
3. 1	3. 4	3. 3
4. 3	4. 1	4. 2

GAWAIN 3: Paglalapat

Sariling opinyon

ARALIN 2 EPEKTO NG MGA SINAUNANG KABIHASNAN SA PAGBUO NG IBA PANG KABIHASNAN

GAWAIN 1: Pag-isipan Mo!

1. Java, Indonesia
2. Jainismo
3. Lahing Ainu

4. Angkor Wat
5. Korea
6. Agra
7. Shintoismo
8. Khmer
9. Asoka
10. Koryu

GAWAIN 2: Pagpapalalim ng Kaisipan

MGA EPEKTO	INDIA	TSINA
1. Sa lipunang Khmer ay kinikilalang diyos ang hari at sa kamatayan nito ay naniniwala silang sumasama ito kay Brahman, Vishnu, o Siva.	√	
2. Sa pamumuhay ng mga Hapon ay ginagamit nila ang mga simbolo o karakter sa pagsulat, gayon din ang kalendaryo at astronomiya sa pamamagitan ng pakikipag-ugnayan sa Korea.		√
3. Lumaganap din sa bansang Hapon ang pananampalatayang Confucianismo at Buddhismo na tinagkilik ng maraming Hapon.		√
4. Nagkaroon ng kasalan sa pagitan ng mga katutubong taga-Cambodia at mga Hindu na nagpalaganap ng mga kaugalian, relihiyon at masining na disenyo sa mga gusali tulad ng kilalang templong Angkor-Wat.	√	
5. Si Ki Tse ang nagpasimula ng kaharian ng Chosun, bilang isang mataas na pinuno kasama ng kanyang mga tagasunod ay nilisan nila ang bumagsak na Dinastiyang shang at nakapagtayo ng sariling kaharian sa Hilagang Korea.		√

GAWAIN 3: Paglalapat

Sariling palagay

ARALIN 3 MGA KONTRIBUSYON NG MGA SINAUNANG KABIHASNAN

GAWAIN 1: Pag-isipan Mo!

1. pakikidigma
2. Cambodia
3. India
4. Babylonian
5. Nebuchadnezzar

GAWAIN 2: Pagpapalalim ng Kaalaman

Pamana o Kontribusyong Asyano sa Daigdig	PM	PD
Pagdami ng matandang sining ng Tsina ukol sa mga pinta ng kalikasan o "land scape" sa mga telang seda.	√	
Paglaganap ng wikang Tsino na ginagamit ng isang kapat na populasyon sa daigdig at ang sanskrit bilang klasikong wika sa India.		√
Pagsunod sa mga turong panrelihiyon tulad ng Confucianismo, Buddhismo at Islam.		√
Pagkakaroon ng mga Buddhistang Templo, pagoda at masjid ng mga Muslim.	√	
Pagkatuklas ng "magnetic compass" para sa paglalakbay sa dagat.	√	
Pagsunod sa pitong araw sa loob ng isang linggo at paghula sa mga eklipse ng araw at buwan.		√
Pagkilala sa mga Hittite na unang gumamit ng chariot na hinihila ng kabayo.	√	

GAWAIN 3: Paglalapat

Sariling palagay ng mag-aaral

PANGWAKAS NA PAGSUSULIT

- | | |
|------|------|
| 1. D | 11.A |
| 2. C | 12.B |
| 3. C | 13.D |
| 4. D | 14.C |
| 5. B | 15.A |
| 6. A | 16.E |
| 7. B | 17.C |
| 8. C | 18.D |
| 9. D | 19.B |
| 10.A | 20.E |